

# DIWA NG PASKO

## “Awitan ng Anghel”

Awitan ng Anghel buhat sa kalangitan  
Pumukaw sa daigdig na yakap ng lamig  
Dagitab na tumatanglaw sa puso ng buhay  
Mundo’y nagising sa kaligayahan

Pulubi’y nalimutan ang habag sa dib-dib  
Mayama’y naibisan ng gulo sa isip  
Bilanggo’y nangarap na ng kinabukasan  
Luha ng may hapis biglang naparam,  
Biglang naparam

Alleluia, Alleluia, mundo ay sumigaw  
Gloria in Excelsis Deo, Deo, Wika ng anghel  
Himig ng pasko pumapailanlang  
Tigib na ginto sa aklat ng buhay  
Ah.. ah... (Alleluia...)

Diwa ng pasko’y ibayong ihasik  
Sa bawat nilalang sa iyong paligid  
Ang habag sa puso mo ay papaimbulog

Isang dalangin ng pasasalamat  
Gloria in Excelsis Deo, Deo  
Gloria, Gloria, Gloria  
In Excelsis Deo, In Excelsis Deo